**ARCHIVED DOCUMENT.** As of December 13, 2022, this document is no longer in force.

# Gabay para sa mga Pamilyang Lumilipat sa Personal na mga Serbisyo ng Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata (ESIT)



Gusto ng programa ng ESIT na maging ligtas at malusog ang iyong pamilya. Susundin ng mga tagapagbigay o provider ng serbisyo ang mga tagubilin mula sa estado at sa kanilang ahensya.

## Kailangan ba naming lumipat sa mga personal na serbisyo?

Ikaw, higit sa lahat, ang nakakaalam sa mga pangangailangan ng iyong anak at pamilya, at maaari mong piliin ang tamang panahon sa paglipat sa personal na mga serbisyo. Ang iyong Tagapag-ugnay ng mga Sanggunian ng Pamilya at ang iba pang tagapagbigay ng serbisyo ay nariyan para talakayin ang iyong mga opsyon.

## Ano ang mga opsyon ko?

May iba't ibang opsyon ang mga pamilya tungkol sa paghahatid ng serbisyo. Halimbawa, maaari mong:

- Ipagpatuloy ang mga serbisyo ng tele-practice
- Piliin na pumunta ang provider sa iyong bahay
- Piliin na makipagkita sa provider sa lokasyon sa labas, gaya ng parke o sa iyong bakuran
- O anumang kombinasyon ng mga opsyon na ito

## Sino ang kinakailangang magsuot ng mask sa panahon ng mga personal na serbisyo?

Ang mga provider ay magsusuot ng mask sa iyong bahay. Bago ang mga pagbisita sa bahay, maaari kang mag-video call sa iyong provider para maipakita sa iyong anak ang hitsura ng provider kapag nakasuot ng mask. Ipaliwanag sa iyong anak na dahil sa pagsusuot ng mask, nananatiling ligtas ang lahat. Ang iyong anak na tatanggap ng mga personal na serbisyo ay hindi kinakailangang magsuot ng mask. Gayunman, ikaw at ang iba pa na lampas sa edad na limang taong gulang ay hihilingan na magsuot nito.

## Pagdating ng provider sa bahay ko, magiging gaya ba ng dati ang mga sesyon namin?

Kung nagdesisyon kang lumipat sa mga personal na serbisyo, rerepasuhin ng iyong provider ang mga iniaatas ng ahensya para sa kaligtasan at ilalarawan nila ang mga ito. Sa simula, maaaring maging parang kakaiba ang mga pagbisita dahil sa mga iniaatas na ito, pero itinatag ang mga iyon para sa iyong kaligtasan. Kahit na maghahatid ng mga personal na serbisyo ang iyong tagapagbigay ng mga serbisyo, maaaring hindi katulad na katulad ng dati ang mga bagay bago nagkaroon ng pandemya. Mahalaga na maging komportable ka at ang iyong anak sa panahon ng mga pagbisita na ito.

## May mga tanong pa?

Nakatuon kami sa paghahanap ng mga opsyon na magpapanatiling ligtas sa iyong pamilya habang pinagsisikapan ang mga tunguhin sa pag-unlad ng iyong anak. Kung may mga tanong ka, mangyaring magtanong sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o sa iyong Tagapag-ugnay ng mga Sanggunian ng Pamilya.

*Kung gusto mo ng mga kopya ng dokumentong ito sa alternatibong pormat o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Ugnayan ng Nasasakupan ng DCYF (1-800-723-4831 | 360-902-8060, **ConstRelations@dcyf.wa.gov**).*

DCYF PUBLICATION FS_0059 TA (04-2021) Tagalog

Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES